Sindaw Journal
2026, Tomo 1, Bilang 1
e-ISSN: 3155-6515 | p-ISSN: 3155-6507

ORIHINAL NA ARTIKULO

OPEN ACCESS

# Preliminaryong Ponolohikal na Deskripsyon ng mga Ponemang Segmental ng Wikang Surigaonon

*A Preliminary Phonological Description of the Segmental Phonemes of Surigaonon Language*

Rihan P. Nasser[1], Naima A. Macatanong[2], Basma B. Salic[3], Hafida H.Abdulfatah[4], Aliah M. Acmad[5]
[12345]Mindanao State University-Main Campus
*Korespondensiyang awtor: nasser.rt810@s.msumain.edu.ph

*Natanggap:* Hunyo 15, 2026 | *Nirebisa:* Hunyo 25, 2026 | *Tinanggap:* Hulyo 10, 2026 | *Inilathala:* Hulyo 23, 2026

## Abstrak (Filipino)

Layunin ng pag-aaral na ito na makapaglahad ng isang preliminaryong ponolohikal na deskripsyon ng mga ponemang segmental ng wikang Surigaonon, partikular sa tatlong barayti nito: Surigaonon ng Surigao del Sur, Surigao del Norte, at Agusan. Tinukoy sa pananaliksik ang ponetik na katangian at distribusyon ng mga segmental na ponema, kabilang ang konsonant, vawel, at glayd ng wikang Surigaonon. Ginamit ang 500 *wordlist* mula sa Department of Linguistics ng University of the Philippines-Diliman bilang pangunahing elisitasyong materyal sa pagkalap ng datos at nagsagawa ng panayam sa mga piling neytib ispiker na kumakatawan sa bawat barayti. Upang matiyak ang siyentipikong pagsusuri, ginamit ang *software* na PRAAT para sa pag-aanalisa ng akustik at ponetik na katangian partikular ng *vowel space* ng mga ponemang vawel ng Surigaonon. Lumitaw sa paunang pagsusuri na bagama't nagbabahagi ng magkakatulad na ponolohikal na istruktura ang tatlong barayti ng Surigaonon, ipinakikita rin ng datos ang ilang natatanging ponetikong katangian na nagiging batayan ng pagkakakilanlan ng bawat barayti. Ipinapakita nito na ang Surigaonon, bilang wikang may malawak na heograpikong saklaw, ay nagtataglay ng ponolohikal na baryasyon na mahalagang maidokumento para sa lalong malalim na pag-unawa sa daynamiks at debelopment ng mga wika sa *Visayan Subgroup* na sinasalita sa Mindanao. Ang pagaaral na ito ay nagsisilbing paunang hakbang tungo sa mas malawak na singkronikong deskripsyon o hindi kaya'y komparatibong analisis sa ponolohiya ng wikang Surigaonon.

## Abstract (English)

This study aims to provide a preliminary phonological description of the segmental phonemes of the Surigaonon language, focusing specifically on its three major varieties: Surigaonon spoken in Surigao del Sur, Surigao del Norte, and Agusan. The research identifies and describes the phonetic characteristics and distribution of Surigaonon segmental phonemes, including its consonants, vowels, and glides. Data were collected using a 500-word elicitation list developed by the Department of Linguistics at the University of the Philippines Diliman, which served as the primary instrument for elicitation. Interviews and recordings were conducted with selected native speakers representing each of the three varieties. To ensure systematic and scientific analysis, the software PRAAT was utilized to examine the acoustic and phonetic properties of the data, with particular attention given to the vowel space of Surigaonon vowel phonemes. Preliminary findings reveal that although the three Surigaonon varieties share a broadly similar phonological structure, the data also demonstrate distinct phonetic features that contribute to the linguistic identity of each variety. These findings suggest that Surigaonon, as a language with a wide geographical distribution, exhibits phonological variation that warrants documentation for a deeper understanding of the dynamics and development of languages within the Visayan Subgroup spoken in Mindanao. This study serves as an initial step toward a more comprehensive synchronic description and future comparative analyses of the phonology of the Surigaonon language.

*Susing-salita:* Ponolohiya, Ponemang Segmental, Wikang Surigaonon, PRAAT, Vowel Space

*Keywords:* Phonology, Segmental Phonemes, Surigaonon Language, PRAAT, Vowel Space

*Pagsipi (To cite):*
Nasser, R., Macatanong, N., Salic, B., H.Abdulfatah, H., & Acmad, A. (2026). Preliminaryong Ponolohikal na Deskripsyon ng mga Ponemang Segmental ng Wikang Surigaonon. *Sindaw Journal, 1*(1), 1-14. https://doi.org/10.5281/zenodo.22058622

© 2026 (Mga) Awtor. Inilathala ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika
CSSH, Mindanao State University-Main Campus, Marawi City, 9700, Philippines
Website: https://sindawjournal.org email: sindawjournal@msumain.edu.ph
Ang artikulong ito ay bukas ang pag-akses sa pamamagitan ng CC BY license

## 1. Introduksyon

Ang ponolohiya ay isang mahalagang sangay ng linggwistika na tumatalakay sa organisasyon, distribusyon, at tungkulin ng mga makabuluhang tunog o ponema sa isang wika. Kabilang dito ang pagsusuri sa mga segmental na tunog tulad ng mga konsonant, vawel, at glayd na nagsisilbing pundasyon ng istrukturang ponolohikal at pagkakaiba ng kahulugan sa loob ng isang sistema ng wika. Sa konteksto ng mga wikang Pilipino, mahalaga ang ponolohikal na dokumentasyon sapagkat nagbibigay ito ng batayan sa paglalarawan ng panloob na organisasyon ng mga wika, sa pag-unawa sa kanilang historikal na pag-unlad, at sa pagtukoy ng kanilang ugnayan sa loob ng pamilyang Austronesyo.

Isa sa mga wikang nananatiling kulang ang komprehensibong ponolohikal na dokumentasyon ay ang Surigaonon, isang wikang kabilang sa *Visayan Subgroup* na sinasalita sa Surigao del Norte, Surigao del Sur, at ilang bahagi ng Agusan. Bagama't kinilala nina Zorc (1977) at Lobel (2013) ang Surigaonon bilang isang natatanging wikang Bisaya at nailarawan ang ilang katangian nito kaugnay ng pag-uuri at historikal na pag-unlad ng mga wikang Pilipino, pangunahing nakatuon ang kanilang mga pag-aaral sa klasipikasyon ng wika, rekonstruksiyong historikal, at pangkalahatang paglalarawan ng mga katangiang linggwistiko. Hindi pa nila naipakita ang isang sistematikong komparatibong pagsusuri ng mga segmental na ponema sa iba't ibang barayti ng Surigaonon, lalo na sa antas ng kanilang aktuwal na ponetikong realisasyon. Dahil dito, nananatiling hindi malinaw kung paano nagkakaiba o nagkakatulad ang mga sistemang ponolohikal ng Surigao del Norte, Surigao del Sur, at Agusan, at kung ang mga baryasyong ito ay simpleng pagkakaibang diyalektal lamang o bahagi ng mas malawak na proseso ng ponolohikal na pagbabago. Mahalaga ang paghahambing sa tatlong barayting ito sapagkat kumakatawan ang mga ito sa magkakaibang heograpikal na saklaw at magkaibang antas ng kontak sa iba pang wikang Bisaya at mga kalapit na wika sa Mindanao. Dahil dito, inaasahang makikita sa kanilang mga sistemang ponolohikal ang magkakaibang antas ng konserbasyon at inobasyon ng mga segmental na ponema. Ang ganitong komparatibong pagsusuri ay hindi lamang nagpapalawak ng dokumentasyon ng Surigaonon kundi nagbibigay rin ng empirikal na batayan sa pag-unawa sa panloob na baryasyon at sa direksiyon ng ponolohikal na pagbabago sa loob ng isang wika. Sa larangan naman ng ponolohikal na metodolohiya, ipinakita nina Endriga at San Juan (2020) ang kahalagahan ng pagsasama ng ponetikong deskripsyon at *acoustic analysis* upang maging higit na obhetibo ang paglalarawan ng mga tunog. Gayunpaman, wala pang naitalang pag-aaral na gumamit ng *acoustic analysis*, partikular ng pagsusuri sa *vowel space* sa pamamagitan ng PRAAT, upang ihambing ang tatlong pangunahing barayti ng Surigaonon. Kung ihahambing sa mga tradisyonal na deskriptibong pag-aaral na pangunahing nakabatay sa pandinig at transkripsiyong ponetiko, nagbibigay ang *acoustic analysis* ng mga nasusukat na ebidensiya gaya ng *formant values* (F1 at F2) na nagpapahintulot sa mas eksakto, obhetibo, at empirikal na paglalarawan ng mga katangiang ponetiko ng mga segmental na tunog.

Batay rito, isinasagawa ang pag-aaral na ito upang makapagbigay ng paunang ponolohikal na deskripsyon ng mga segmental na ponema ng Surigaonon at maihambing ang mga katangian ng tatlong pangunahing barayti nito Surigao del Norte, Surigao del Sur, at Agusan sa pamamagitan ng pinagsamang distribusyonal na pagsusuri, transkripsiyong IPA, at *acoustic analysis* gamit ang PRAAT. Higit sa lahat, iginigiit ng pag-aaral na ang tatlong barayti ng Surigaonon ay hindi lamang magkakaibang lokal na baryasyon, kundi bumubuo ng isang *dialect continuum* na nagpapakita ng magkakaibang antas ng konserbasyon at ponolohikal na inobasyon. Sa pamamagitan ng empirikal na pagsusuri sa kanilang mga segmental na ponema at akustik na katangian, inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral sa mas sistematikong dokumentasyon ng Surigaonon at sa pagpapalawak ng kaalaman hinggil sa ponolohikal na baryasyon at ebolusyon ng mga wika sa Pilipinas.

CC BY

## 2. Metodo

Gumamit ang pag-aaral na ito ng deskriptibong ponolohikal na disenyo na nakaugat sa *structural phonology* at pinalalakas ng ponetikong pagsusuri sa pamamagitan ng *acoustic analysis*. Layunin nitong mailarawan ang sistemang ponolohikal ng wikang Surigaonon at matukoy ang mga baryasyong umiiral sa tatlong pangunahing barayti nito. Isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagkalap ng datos, ponetikong transkripsyon, *acoustic analysis*, at distribusyonal na pagsusuri ng mga segmental na ponema. May kabuuang siyam (9) na neytib ispiker ng Surigaonon ang lumahok sa pag-aaral, kung saan tigtatatlo (3) ang kumatawan sa bawat barayti: Surigao del Norte, Surigao del Sur, at Agusan. Ang mga kalahok ay nasa edad 20–40 taong gulang at pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling* batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) taal na tagapagsalita ng kani-kanilang barayti; (2) ipinanganak at naninirahan sa komunidad na kinakatawan; (3) regular na gumagamit ng Surigaonon bilang pangunahing wika sa pang-araw-araw na komunikasyon; at (4) may kakayahang umunawa ng wikang Filipino upang maging maayos ang elisitasyon. Ang mga pamantayang ito ay nagtitiyak sa pagiging representatibo at natural ng mga datos.

Sa pagkalap ng datos, ginamit ang *500-word elicitation list* mula sa Department of Linguistics ng University of the Philippines Diliman bilang pangunahing instrumento sapagkat saklaw nito ang mga *lexical item* na kumakatawan sa mga segmental na ponema ng Surigaonon at nagbibigay-daan sa pagtukoy ng mga ponemikong kontrast at distribusyon ng mga tunog. Ang bawat salita ay binigkas ng kalahok nang tatlong ulit, at ang ikalawang pagbigkas ang ginamit sa *acoustic analysis* dahil ito ang may pinakamatatag na artikulatoryo at akustikong katangian. Matapos ang pagrekord, isinagawa ang ponetikong transkripsyon gamit ang International Phonetic Alphabet (IPA) at paulit-ulit na beripikado sa pamamagitan ng pakikinig at paghahambing ng *waveform* at spectrogram sa PRAAT. Kasunod nito, isinagawa ang *acoustic analysis* gamit ang PRAAT sa pamamagitan ng pagsukat ng una (F1) at ikalawang formant (F2) ng bawat patinig sa *midpoint* (50%) upang mabawasan ang *coarticulatory effects*. Ginamit ang F1 bilang sukatan ng *vowel height* at ang F2 bilang sukatan ng *frontness* at *backness*. Mula sa mga *formant values*, binuo at inihambing ang *vowel space* ng bawat barayti upang matukoy ang antas at uri ng ponolohikal na baryasyon sa pagitan ng Surigao del Norte, Surigao del Sur, at Agusan. Sa huling yugto, isinagawa ang distribusyonal na pagsusuri ng mga segmental na ponema batay sa kanilang paglitaw sa inisyal, midyal, at pinal na posisyon ng salita. Sinuri rin ang mga *minimal pair* at *near-minimal pair* upang mapatunayan ang ponemikong katayuan ng mga tunog at maihiwalay ang mga ponema sa kanilang mga *allophone*. Sa pamamagitan ng pinagsamang ponetikong transkripsyon, *acoustic analysis*, at distribusyonal na pagsusuri, nailarawan ang sistemang ponolohikal ng Surigaonon at ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng tatlong barayti nito.

## 3. Resulta at Diskusyon

### *Vowel Spacing*


Karaniwang inilalarawan ang wikang Surigaonon bilang may limitadong imbentaryo ng patinig, partikular ang tatlong pangunahing ponemang patinig. Gayunpaman, ipinakikita ng kasalukuyang pag-aaral na nagkakaiba ang aktwal na realisasyon ng mga patinig sa tatlong pangunahing barayti ng wika, lalo na sa kanilang distribusyon at akustikong katangian. Dahil dito, inilalahad sa bahaging ito ang pagsusuri ng *vowel space* ng bawat barayti batay sa mga sukat ng *formant values* upang maipakita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Surigao del Norte, Surigao del Sur, at Agusan, gayundin ang implikasyon ng mga baryasyong ito sa ponolohikal na istruktura ng Surigaonon.

CC BY

### ***Vowel Spacing*** **ng Surigaonon ng Surigao del Norte**

Ipinapakita sa talahanayang ito ang *vowel space* ng baraytng Surigao del Norte batay sa F1 at F2 *measurements* mula sa PRAAT. Inilalarawan nito ang limang patinig (/a, e, i, o, u/) na naitala sa inisyal, midyal, at pinal na posisyon ng salita. Ang F1 ay nagsisilbing sukatan ng *vowel height*, samantalang ang F2 ay nagpapakita ng *frontness* at *backness*, kaya malinaw na naipakikita ang distribusyon at artikulasyon ng mga patinig sa *vowel space* ng baraytng ito.

**Teybol 1.** *Vowel Spacing ng Surigaonon ng Surigao Del Norte*




Batay sa *vowel plot* na nabuo mula sa PRAAT, nagpapakita ang barayti ng Surigao del Norte ng malawak at sistematikong distribusyon ng limang patinig (/i, e, a, o, u/). Ang malawak na *triangular configuration* ng *vowel space* ay nagpapahiwatig ng malinaw na artikulatoryo at akustikong distansya ng bawat ponema, kaya nananatiling matatag ang kanilang *phonemic contrast*. Ipinahihiwatig nito ang isang konserbatibong sistemang ponolohikal na hindi nagpapakita ng malawakang *vowel reduction* o *neutralization*. Makikita sa grap na ang /i/ ay may mababang F1 at mataas na F2 *values* bilang *high front unrounded vowel*, samantalang ang /u/ ay may mababang F2 bilang *high back vowel*. Bagama't may bahagyang dispersyon sa midyal at pinal na posisyon, walang makabuluhang *overlap* sa pagitan ng /i/ at /e/ at ng /u/ at /o/, kaya nananatiling malinaw ang pagkakaiba ng bawat ponema. Umaayon ito sa obserbasyon ni Zorc (1977) na ang ilang konserbatibong barayti ng mga wikang Bisaya ay higit na nakapagpapanatili ng malinaw na ponemikong distinksiyon.

Nanatili ang /e/ sa *mid-front region* at ang /o/ sa *mid-back region*. Ang bahagyang *fronting* ng /e/ at *closing tendency* ng /o/ sa ilang *token* ay nagpapakita lamang ng normal na ponetikong baryasyon dulot ng *coarticulation* at posisyon ng patinig sa salita, at hindi ito posibleng indikasyon ng *phonemic merger* o *chain shift*. Samantala, ang /a/ ang may pinakamalawak na dispersyon sa *vowel space*. Ang mas mataas na F1 sa inisyal na posisyon ay nagpapakita ng mas bukas na artikulasyon, habang ang bahagyang *centralization* at *fronting* sa ibang posisyon ay sumasalamin sa impluwensiya ng katabing segment at *prosodic structure* nang hindi binabago ang ponemikong katayuan nito.


Dahil dito, ipinakikita ng *vowel spacing* na ang Surigao del Norte ang may pinakakonserbatibong sistema ng patinig sa tatlong baraytng sinuri. Ang kawalan ng malawakang *overlap*, *vowel reduction*, at posibleng indikasyon ng *phonemic merger* ay nagpapahiwatig na higit nitong napananatili ang mga tradisyonal na kontrast ng sistemang patinig. Sa pananaw ng *dialect continuum* ni Lobel (2013), maaari itong magsilbing reperensiyang barayti sa pagtukoy ng direksiyon ng ponolohikal na pagbabago sa iba pang barayti ng Surigaonon.

CC BY

***Vowel Spacing* ng Surigaonon ng Surigao del Sur**

Ipinapakita sa talahanayang ito ang *vowel distribution* ng Surigao del Sur batay sa F1 at F2 *measurements* mula sa *PRAAT*. Ang datos ay nagmula sa *initial, medial*, at *final* na posisyon ng apat na patinig na lumitaw sa recording: /a, i, o, u/. Sinukat ang bawat patinig sa *steady-state midpoint* upang makuha ang tumpak na *vowel quality*. Ang F1 ay nagpapakita ng *vowel height*, samantalang ang F2 ay nagpapakita ng *frontness*. Ipinapakita ng grap ang aktuwal na *realization* at *dispersyon* ng mga patinig sa barayting ito.

**Teybol 2.** *Vowel Spacing ng Surigaonon ng Surigao del Sur*




Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang *vowel space* ng barayting Surigao del Sur batay sa F1 at F2 *measurements* mula sa PRAAT. Hindi tulad ng Surigao del Norte, apat na patinig (/a, i, o, u/) lamang ang malinaw na naitala sa *acoustic data*. Ang mas maliit at mas *compressed* na *vowel space* ay nagpapahiwatig ng mas limitadong akustikong distansya sa pagitan ng mga patinig at mas mataas na antas ng ponetikong baryasyon. Ang pinakamahalagang obserbasyon ay ang kawalan ng malinaw na realisasyon ng /e/. Sa halip, lumilitaw ang dalawang kumpol ng /i/, kung saan ang isa ay pumapasok sa espasyong karaniwang inuukupa ng /e/. Ipinahihiwatig nito ang posibleng paglapit ng dating *mid-front vowel* tungo sa *high front vowel*, na maaaring nagpapahiwatig ng unang yugto ng *phonemic merger* o *vowel raising*. Gayunpaman, dahil nakabatay lamang ang pag-aaral sa limitadong *corpus* at *acoustic data*, hindi pa sapat ang ebidensiya upang igiit ang ganap na */e/→/i/ merger*. Mas angkop itong ilarawan bilang isang posibleng inobasyon sa barayti na nangangailangan pa ng mas malawak na dokumentasyon.

Ang ganitong pagbabago ay kahalintulad ng mga prosesong naitala sa ilang wikang Bisaya, kung saan ang *mid vowels* ay unti-unting lumalapit sa *high vowels* bunga ng regular na pagbabago sa sistemang patinig o ng matagal na *language contact*. Ayon kina Zorc (1977) at Lobel (2013), nagkakaiba ang antas ng ponolohikal na inobasyon ng mga wikang Bisaya batay sa kasaysayan ng bawat barayti at lawak ng kanilang ugnayan sa ibang komunidad ng wika. Dahil matagal nang nakikipag-ugnayan ang Surigao del Sur sa Cebuano at iba pang wikang Bisaya, maaaring nakaambag ang *language contact*, bagama't hindi rin maitatangging maaaring bunga ito ng *internal phonological development*. Kapansin-pansin din ang paglapit ng /o/ at /u/ sa *acoustic space*. Ang bahagyang *fronting* ng /u/ at pagtaas ng F2 ng /o/ ay nagpapakita ng pagbawas sa *front-back contrast* ng mga *back vowels*. Bagama't hindi pa ito humahantong sa posibleng *phonemic merger*, ipinakikita nitong mas maliit ang *acoustic distance* ng dalawang ponema kaysa sa Surigao del Norte, na maaaring nagpapahiwatig ng unti-unting reorganisasyon ng *vowel system*. Samantala, ang /a/ ay nananatiling nasa *open-central region* ngunit higit na *centralized* at mas limitado ang dispersyon, na maaaring maiugnay sa impluwensiya ng katabing segment, *prosodic structure*, at pangkalahatang tendensiya tungo sa *acoustic compression*.

Ipinakikita ng *vowel spacing* ng Surigao del Sur ang isang *intermediate* na barayti sa loob ng Surigaonon *dialect continuum*. Kung ihahambing sa mas konserbatibong sistema ng Surigao del Norte, makikita rito ang mga paunang palatandaan ng ponolohikal na inobasyon, gaya ng


CC BY

posibleng pagkawala ng /e/, paglapit ng mga *high* at *mid vowels*, at mas *compact* na *vowel geometry*. Ang mga pagbabagong ito ay maaaring preliminaryong obserbasyon bunga ng pinagsamang epekto ng *internal phonological change* at *language contact*, kaya nagbibigay ang barayting ito ng mahalagang ebidensiya sa pag-unawa sa patuloy na ebolusyon ng sistemang ponolohikal ng Surigaonon.

***Vowel Spacing* ng Surigaonon Agusan**

Batay sa naitalang *vowel plot* para sa barayting Agusan del Sur, lumilitaw na ang limang patinig nito ay may malinaw na distribusyon ngunit may mas *compressed* na *vowel space* kumpara sa karatig na Surigao del Norte. Ang pagkakaayos ng mga punto sa grap ay nagpapakita ng mas centralized na *vowel qualities*, lalo na sa *high* at *mid vowels*, na indikasyong mas malakas ang impluwensiya ng *coarticulation* at *environmental effects* sa produksiyon ng mga patinig. Bagama't may kapuna-punang overlap sa ilang *vowel regions* lalo na sa pagitan ng /e/ at /i/ at ng /o/ at /u/— nananatiling matatag at nakikilala pa rin ang limang *phonemic categories*. Ang kabuuang patern ay nagpapahiwatig ng *vowel system* na may konserbatibong istruktura ngunit may mas maliit na *acoustic dispersion*, na tipikal sa Agusanon *speech continuum*.

**Teybol 3.** *Vowel Spacing ng Surigaonon Agusan*




Batay sa *vowel plot* ng barayting Agusan, nananatili ang limang ponemang patinig (/i, e, a, o, u/), ngunit mas *compressed* ang *vowel space* kaysa sa Surigao del Norte. Makikita ang mas sentralisadong distribusyon ng mga *high* at *mid vowels*, na nagpapahiwatig ng mas maliit na *acoustic distance* sa pagitan ng mga ponema. Bagama't may bahagyang *overlap* sa pagitan ng /e/ at /i/ gayundin ng /o/ at /u/, nananatili pa ring malinaw ang bawat ponemang patinig, kaya walang sapat na ebidensiya ng posibleng indikasyon ng *phonemic merger*. Makikita sa grap na ang /i/ ay nananatiling may mababang F1 ngunit may bahagyang pagbaba ng F2, na nagpapahiwatig ng *retraction* o *centralization* kumpara sa barayti ng Surigao del Norte.

Samantala, ang /u/ ay nananatiling *back vowel* ngunit may mas malawak na dispersyon at bahagyang *fronting* sa ilang *token*, nang hindi nawawala ang hangganan nito sa /o/. Ipinakikita nito na nananatiling matatag ang *high-vowel contrast* sa kabila ng mas *compact* na *acoustic realization*. Pinakamatingkad ang *compression* sa hanay ng mga *mid vowels*. Ang /e/ ay nananatili sa *front-mid region* ngunit mas lumalapit sa *acoustic space* ng /i/, samantalang ang /o/ ay nagpapakita rin ng paglapit sa /u/, lalo na sa pinal na posisyon.

Gayunpaman, hindi sapat ang antas ng *overlap* upang magpahiwatig ng posibleng *phonemic merger*; sa halip, ipinakikita lamang nito ang pagbawas sa *acoustic separation* habang nananatiling buo ang kanilang *contrastive function*. Samantala, ang /a/ ay nananatiling may pinakamalawak na saklaw sa *vowel space*, bagama't higit din itong nagpapakita ng *centralization*. Ang baryasyong ito

ay higit na maipaliliwanag bilang bunga ng *coarticulation* at *prosodic environment* kaysa pagbabago sa ponemikong katayuan ng patinig.

Ipinakikita ng barayti ng Agusan ang isang sistemang nananatiling konserbatibo sa bilang ng mga ponema ngunit may higit na *acoustic compression* kaysa sa Surigao del Norte. Ang bahagyang *overlap* ng /e/–/i/ at /o/–/u/ ay nagpapahiwatig ng pagbawas sa *acoustic distance* nang hindi nawawala ang kanilang *phonemic contrast*. Umaayon ito sa obserbasyon nina Zorc (1977) at Lobel (2013) na ang mga wikang Bisaya ay bumubuo ng isang *dialect continuum* kung saan nagkakaiba-iba ang antas ng ponolohikal na inobasyon. Sa kaso ng Agusan Surigaonon, maaaring bunga ito ng pinagsamang epekto ng *internal phonological change* at *language contact*, bagama't kinakailangan pa ng mas malawak na komparatibong datos upang matukoy ang pangunahing salik sa organisasyon ng sistema ng mga patinig.

**Konsonant ng Tatlong Barayti**

Ang Surigaonon ay karaniwang nagtataglay ng 17–18 ponemang katinig gaya ng nailahad sa mga dokumentadong pag-aaral. Gayunpaman, ang tatlong barayti ay nagpapakita ng makabuluhang baryasyon lalo na sa *palatal region*. Ang sumusunod na seksyon ay nakatuon sa presentasyon ng konsonant ng bawat barayti.

**Teybol 4.** *Konsonants ng Surigaonon ng Surigao del Norte*

| Punto / Paraan | Bilabial | Alveolar | Palatal | Velar | Glottal |
|---|---|---|---|---|---|
| Plosive (VL) | p | t | | k | ʔ |
| Plosive (Vd) | b | d | | g | |
| Nasal | m | n | ɲ | ŋ | |
| Fricative | | s | ʃ | | h |
| Approximant | w | ɾ | j | | |
| Lateral | | l | | | |
| Affricate | | | d͡ʒ | | |

Sa mga sumusunod na datos, ang posisyong inisyal, midyal, at pinal ay tinutukoy batay sa kinalalagyan ng target na konsonant sa loob ng buong salita. Ang bawat salitang inilahad ay nagsisilbing aktuwal na datos na nagpapatunay sa distribusyon ng bawat konsonant.

**Plosives**

- /**p**/ – *paso* (inisyal): /ˈpa.so/ — 2 silaba — *paso*; *aping* (medial): /ˈʔa.piŋ/ — 2 silaba — *singaw*; *atop* (pinal): /ʔa.ˈtop/ — 2 silaba — *bubong*
- /**b**/ – *baga* (inisyal): /ba.ˈgaʔ/ — 2 silaba — *baga*; *abo* (medial): /ˈʔa.bo/ — 2 silaba — *abo*; *mobo* (pinal): /mo.ˈboʔ/ — 2 silaba — *malambot*
- /**t**/ – *tawo* (inisyal): /ˈta.wo/ — 2 silaba — *tao*; *atay* (medial): /ʔa.ˈtaj/ — 2 silaba — *atay*; *hait* (pinal): /ha.ˈʔit/ — 2 silaba — *masakit*

**Nasals**

- /**m**/ – *mata* (inisyal): /ma.ˈtaʔ/ — 2 silaba — *mata*; *amang* (medial): /ʔa.ˈmaŋ/ — 2 silaba — *ama*; *gihigugma* (pinal): /gi.hi.ˈgug.ma/ — 4 silaba — *minamahal*
- /**n**/ – *nana* (inisyal): /na.ˈnaʔ/ — 2 silaba — *nana*; *tanum* (medial): /ˈta.num/ — 2 silaba — *tanum*; *anino* (pinal): /ʔa.ˈni.no/ — 3 silaba — *anino*

CC BY

**Fricatives**

- /s/ – *sakit* (inisyal): /sa.ˈkit/ — 2 silaba — *sakit*; *busog* (medial): /bu.ˈsog/ — 2 silaba — *busog*; *lawas* (pinal): /ˈla.was/ — 2 silaba — *katawan*
- /**h**/ – *hayag* (inisyal): /ˈha.jag/ — 2 silaba — *hayag/maliwanag*; *tuhod* (medial): /tu.ˈhod/ — 2 silaba — *tuhod*; *buhi* (pinal): /bu.ˈhiʔ/ — 2 silaba — *buhay*

Batay sa naitalang datos, ang barayting Surigao del Norte ang nagpapakita ng pinakakomprehensibong imbentaryo ng mga ponemang katinig sa tatlong barayting sinuri. Pinakamatingkad dito ang presensiya ng mga palatal na segment, kabilang ang /ɲ/, /j/, at ang *affricate* na /dʒ/, na pawang nananatiling produktibo at may malinaw na distribusyong ponemiko. Ipinahihiwatig nito na higit na napapanatili ng barayting ito ang mga segmental na katangiang maaaring kumatawan sa mas konserbatibong yugto ng ponolohikal na pag-unlad ng Surigaonon.

Makikita rin ang kumpletong *voicing contrast* sa mga *plosive* (/p–b/, /t–d/, at /k–g/), na nagpapakita ng matatag na organisasyon ng *core consonant system*. Samantala, ang *glottal stop* /ʔ/ ay lumilitaw sa iba't ibang posisyon ng salita at nagsisilbing mahalagang tagapagbukod ng kahulugan. Ang ganitong distribusyon ay nagpapakita na ang /ʔ/ ay isang ganap na ponema at hindi lamang bunga ng awtomatikong ponetikong proseso. Dahil dito, mataas ang *functional load* nito sa sistemang ponolohikal ng barayting ito, gaya rin ng naobserbahan sa iba pang mga wikang Bisaya sa Mindanao.

Sa hanay ng mga nasal, mahalaga ang presensiya ng /ɲ/ sapagkat hindi ito matatagpuan sa parehong antas sa ibang barayti ng Surigaonon. Ang pagpapanatili ng palatal nasal ay nagpapahiwatig ng retention ng isang mas naunang katangiang ponolohikal, samantalang ang pagkawala o paghina nito sa ibang barayti ay maaaring nagpapahiwatig ng *depalatalization at phonological simplification*. Sa pananaw ng *markedness theory*, ang mga palatal na segment tulad ng /ɲ/ at /dʒ/ ay mas marked kaysa sa kanilang mga alveolar na katumbas, kaya mas karaniwan silang mawala o magsanib sa paglipas ng panahon. Ang matatag na presensiya ng mga segmentong ito sa Surigao del Norte ay nagpapahiwatig na hindi pa gaanong umuusad ang ganitong uri ng pagbabago sa barayting ito. Kapansin-pansin din ang presensiya ng /ʃ/, bagama't limitado ang distribusyon nito.

Dahil hindi ito lumilitaw sa lahat ng leksikon, hindi pa sapat ang kasalukuyang datos upang ganap na matukoy kung ito ay isang ganap na ponema o isang segmentong may limitadong distribusyon na maaaring kaugnay ng panghihiram o pangmatagalang *language contact*. Nangangailangan pa ito ng mas malawak na korpus upang mapagtibay ang ponemikong katayuan nito. Ang mataas na produktibidad ng /j/ at /dʒ/ ay lalo namang nagpapatingkad sa palatal na katangian ng barayting ito. Hindi lamang sila lumilitaw sa iilang salita kundi bahagi ng regular na imbentaryo ng mga katinig, na nagpapakita ng mas mataas na antas ng phonemic complexity kaysa sa iba pang barayti.

Ang ganitong katangian ay umaayon sa obserbasyon nina Zorc (1977) at Lobel (2013) na ang mga barayti ng Surigaonon ay bumubuo ng isang *dialect continuum* kung saan may magkakaibang antas ng konserbasyon at ponolohikal na inobasyon. Ibig sabihin, ang Surigao del Norte ang nagpapakita ng pinakakonserbatibong *consonant system* sa tatlong barayting sinuri. Ang pagpapanatili ng mga palatal na segment, ang malinaw na *voicing contrasts*, at ang mataas na *functional load* ng glottal stop ay nagpapahiwatig ng isang sistemang nananatiling may mataas na *phonemic complexity*. Kung ihahambing sa Surigao del Sur at Agusan, ang barayting ito ay maaaring magsilbing reperensiya sa pagtunton ng direksiyon ng ponolohikal na pagbabago sa loob ng Surigaonon, kung saan ang mga pagbabago sa palatal region ang lumilitaw na pangunahing batayan ng pagkakaiba-iba ng mga barayti.

CC BY

**Teybol 5.** *Konsonants ng Surigaonon del Sur*

| Punto / Paraan | Bilabial | Alveolar | Palatal | Velar | Glottal |
|---|---|---|---|---|---|
| Plosive (VL) | p | t | | k | ʔ |
| Plosive (Vd) | b | d | | g | |
| Nasal | m | n | (ɲ) | ŋ | |
| Fricative | | s | | | h |
| Approximant | w | ɾ | j | | |
| Lateral | | l | | | |
| Affricate | | | (d͡ʒ→j) | | |

Sa mga sumusunod na datos, ang posisyong inisyal, midyal, at pinal ay tinutukoy batay sa kinalalagyan ng target na konsonant sa loob ng buong salita. Ang bawat salitang inilahad ay nagsisilbing aktuwal na datos na nagpapatunay sa distribusyon ng bawat konsonant.

**Plosives**
- /**p**/ – *pana* (inisyal): /ˈpaː.naʔ/ — 2 silaba — *pana*; *aping* (medial): /ˈʔaː.piŋ/ — 2 silaba — *singaw*; *atop* (pinal): /ʔa.ˈtop/ — 2 silaba — *bubong*
- /**t**/ – *tawo* (inisyal): /ˈtaː.wo/ — 2 silaba — *tao*; *atay* (medial): /ʔa.ˈtaj/ — 2 silaba — *atay*; *hait* (pinal): /ha.ˈʔit/ — 2 silaba — *masakit*
- /**g**/ – *gamay* (inisyal): /ga.ˈmaj/ — 2 silaba — *maliit*; *itlog* (pinal): /ˈʔit.log/ — 2 silaba — *itlog*

**Nasals**
- /**m**/ – *mata* (inisyal): /ma.ˈtaʔ/ — 2 silaba — *mata*; *amang* (medial): /ʔa.ˈmaŋ/ — 2 silaba — *ama*; *gihigugma* (pinal): /gi.hi.gug.ˈma/ — 4 silaba — *minamahal*
- /**n**/ – *nana* (inisyal): /ˈnaː.naʔ/ — 2 silaba — *nana*; *tanum* (medial): /ta.ˈnom/ — 2 silaba — *halaman*; *anino* (pinal): /ʔa.ˈniː.no/ — 3 silaba — *anino*
- /**ŋ**/ – *ŋalan* (inisyal): /ˈŋaː.lan/ — 2 silaba — *pangalan*; *duŋgan* (medial): /du.ˈŋgan/ — 2 silaba — *tainga*; *agtang* (pinal): /ʔag.ˈtaŋ/ — 2 silaba — *noo*

**Fricatives**
- /s/ – *sapa* (inisyal): /sa.ˈpaʔ/ — 2 silaba — *sapa*; *busog* (medial): /bu.ˈsog/ — 2 silaba — *busog*; *lawas* (pinal): /ˈlaː.was/ — 2 silaba — *katawan*
- /**h**/ – *hayag* (inisyal): /ˈhaː.jag/ — 2 silaba — *maliwanag*; *tuhod* (medial): /tu.ˈhod/ — 2 silaba — *tuhod*; *buhi* (pinal): /bu.ˈhiʔ/ — 2 silaba — *buhay*

**Approximants at Affricates**
- /**l**/ – *lawas* (inisyal): /ˈlaː.was/ — 2 silaba — *katawan*; *kulot* (medial): /ku.ˈlot/ — 2 silaba — *kulot*; *balil* (pinal): **hindi muna lalagyan ng transcription dahil hindi nakitang malinaw ang kaukulang entry sa table.* n\a
- /**ɾ**/ – *rason* (inisyal): hindi muna lalagyan ng transcription dahil hindi nakitang malinaw ang kaukulang entry sa table; *bira* (medial): /ˈbi.ra/ — 2 silaba — *bira*; *lider* (pinal): /li.der/ — 2 silaba — *lider*
- /**j**/ – *yuta* (inisyal): /ju.ˈtaʔ/ — 2 silaba — *lupa*; *bayaw* (medial): /ba.ˈjaw/ — 2 silaba — *bayaw*; *kawajan* (pinal): /ka.ˈwa.dʒan/ — 3 silaba — *kawayan*

Batay sa mga nakalap na datos, nananatiling matatag ang pangunahing imbentaryo ng mga katinig sa barayting Surigao del Sur. Ang kumpletong *voicing contrast* ng mga *plosive* (/p–b/, /t–d/, at /k–g/) ay nagpapakita na nananatili ang organisasyon ng *core consonant system*. Wala ring nakitang ebidensiya ng *lenition*, *spirantization*, o *neutralization* na maaaring magpahina sa mga ponemang ito. Ipinahihiwatig nito na mataas pa rin ang *functional load* ng mga *stop consonants* at nananatili ang kanilang kakayahang magbukod ng kahulugan. Ang ganitong katangian ay nagpapakita ng *historical retention* ng pangunahing *consonant inventory* ng Surigaonon sa kabila ng

CC BY

mga pagbabagong nagaganap sa ibang bahagi ng sistemang ponolohikal. Ang pinakamahalagang pagbabago sa barayting ito ay matatagpuan sa *palatal region.* Hindi tulad ng Surigao del Norte na nagpapanatili ng produktibong /ɲ/ at /d͡ʒ/, ang Surigao del Sur ay nagpapakita ng paghina ng mga segmentong ito. Ang /ɲ/ ay bihira nang lumitaw sa korpus, samantalang ang *affricate* na /d͡ʒ/ ay nagpapakita ng alternasyon tungo sa *approximant* na /j/ sa ilang anyong leksikal. Bagama't nananatili pa ang /d͡ʒ/ sa mga salitang gaya ng *dʒamu*, *dʒaon*, *tijan*, at *kawajan*, hindi na ito kasing produktibo ng matatagpuan sa Surigao del Norte. Ipinahihiwatig nito ang nagsisimulang *depalatalization*, kung saan unti-unting nababawasan ang papel ng mga *palatal consonant* sa sistemang ponolohikal. Sa pananaw ng *markedness theory*, higit na marked ang mga palatal na segment gaya ng /ɲ/ at /d͡ʒ/ kaysa sa mga *alveolar* at *velar consonants*. Dahil dito, mas mataas ang posibilidad na sumailalim ang mga ito sa simplipikasyon o pagbabago sa paglipas ng panahon.

Ang unti-unting paglipat mula /d͡ʒ/ tungo sa /j/ ay maaaring magpahiwatig ng isang anyo ng *phonological simplification,* sapagkat napapalitan ang isang mas komplikadong *affricate* ng isang mas payak na *approximant* nang hindi nawawala ang kabuuang istruktura ng sistema. Gayunpaman, hindi pa sapat ang kasalukuyang datos upang sabihing nagkaroon na ng ganap na *phonemic merger*, sapagkat nananatili pa ring ginagamit ang /d͡ʒ/ sa ilang leksikal na anyo. Samantala, nananatiling produktibo ang *glottal stop* /ʔ/ at lumilitaw sa inisyal, medial, at pinal na posisyon ng salita. Ang distribusyong ito ay nagpapakita na ang /ʔ/ ay isang ganap na ponema at hindi lamang bunga ng ponetikong proseso. Ang mataas na *functional load* nito ay nagpapatibay sa obserbasyong ang *glottal stop* ay isa sa mga pinakamatatag na katangian ng Surigaonon at nananatiling mahalagang tagapagbukod ng kahulugan sa iba't ibang barayti.

Ipinakikita ng sistemang konsonantal ng Surigao del Sur ang isang *intermediate variety* sa loob ng Surigaonon *dialect continuum.* Habang nananatiling konserbatibo ang *core consonant system,* nagsisimula namang lumitaw ang mga inobasyon sa *palatal region* sa pamamagitan ng paghina ng /ɲ/ at ng alternasyon ng /d͡ʒ/ tungo sa /j/. Ang ganitong padron ay umaayon sa obserbasyon nina Zorc (1977) at Lobel (2013) na ang mga barayti ng mga wikang Bisaya ay nagpapakita ng magkakaibang antas ng konserbasyon at ponolohikal na pagbabago. Sa gayon, nagsisilbing transisyonal na yugto ang Surigao del Sur sa pagitan ng mas konserbatibong sistema ng Surigao del Norte at ng mas pinasimpleng sistemang matatagpuan sa Agusan Surigaonon.

**Teybol 6.** *Konsonants ng Surigaonon Agusan*

| Punto / Paraan | Bilabial | Alveolar | Palatal | Velar | Glottal |
|---|---|---|---|---|---|
| Plosive (VL) | p | t | | k | ʔ |
| Plosive (Vd) | b | d | | g | |
| Nasal | m | n | | ŋ | |
| Fricative | | s | | | h |
| Approximant | w | ɾ | j | | |
| Lateral | | l | | | |
| Affricate | | | | | |

Sa mga sumusunod na datos, ang posisyong inisyal, midyal, at pinal ay tinutukoy batay sa kinalalagyan ng target na konsonant sa loob ng buong salita. Ang bawat salitang inilahad ay nagsisilbing aktuwal na datos na nagpapatunay sa distribusyon ng bawat konsonant.

CC BY

**Nasals**

- /**m**/ – *mata* (inisyal): /ma.ˈtaʔ/ — 2 silaba — *mata*; *lamok* (medial): /la.ˈmok/ — 2 silaba — *lamok*; *tanom* (pinal): /ta.ˈnom/ — 2 silaba — *halaman*
- /**n**/ – *nana* (inisyal): /ˈnaː.naʔ/ — 2 silaba — *nana*; *tunaw* (medial): /tu.ˈnaw/ — 2 silaba — *tunaw*; *hagdanan* (pinal): /hag.da.ˈnan/ — 3 silaba — *hagdan*
- /**ŋ**/ – *ŋalan* (inisyal): /ˈŋaː.lan/ — 2 silaba — *pangalan*; *dalunggan* (medial): /da.lu.ŋ.gan/ — 3 silaba — *tainga*; *agtang* (pinal): /ʔag.ˈtaŋ/ — 2 silaba — *noo*

**Fricatives**

- /**s**/ – *sakit* (inisyal): /sa.ˈkit/ — 2 silaba — *sakit*; *busog* (medial): /bu.ˈsog/ — 2 silaba — *busog*; *kuskos* (pinal): /kos.ˈkos/ — 2 silaba — *kuskos*
- /**h**/ – *hayag* (inisyal): /ˈhaː.jag/ — 2 silaba — *maliwanag*; *buhok* (medial): /bu.ˈhok/ — 2 silaba — *buhok*

**Approximants**

- /**w**/ – *wala* (inisyal): /wa.ˈlaʔ/ — 2 silaba — *wala*; *tawo* (medial): /ˈtaː.wo/ — 2 silaba — *tao*; *bayaw* (pinal): /ba.ˈjaw/ — 2 silaba — *bayaw*
- /**ɾ**/ – *rason* (inisyal): n\a ; *bira* (medial): /bi.ˈra/ — 2 silaba — *bira*
- /**j**/ – *yaya* (inisyal): n\a ; *bayaw* (medial): /ba.ˈjaw/ — 2 silaba — *bayaw*; *nagsayaw* (pinal): n\a

Batay sa mga nakalap na datos, ang Agusan Surigaonon ang nagpapakita ng pinakapayak na organisasyon ng sistemang konsonantal sa tatlong barayting sinuri. Nananatiling buo ang pangunahing imbentaryo ng mga plosive (/p–b/, /t–d/, at /k–g/), na nagpapakita ng malinaw na *voicing contrast* at matatag na distribusyon sa iba't ibang posisyon ng salita. Wala ring nakitang ebidensiya ng *lenition*, *spirantization*, o *neutralization* sa mga pangunahing katinig, kaya maituturing na nananatiling konserbatibo ang *core consonant system* ng barayting ito. Ang pinakamahalagang katangian ng Agusan Surigaonon ay makikita sa palatal region. Hindi tulad ng Surigao del Norte na nagpapanatili ng produktibong /ɲ/ at /d͡ʒ/, at ng Surigao del Sur na nagpapakita pa ng limitadong paggamit ng mga ito, wala nang produktibong palatal nasal (/ɲ/) sa Agusan Surigaonon. Gayundin, hindi na lumilitaw ang *affricate* na /d͡ʒ/ bilang regular na bahagi ng katutubong imbentaryo at nananatili lamang sa iilang leksikal na anyo, karamihan ay may kaugnayan sa panghihiram. Sa halip, ang palatal *approximant* na /j/ ang nagsisilbing pangunahing kinatawan ng *palatal region*. Ipinahihiwatig nito ang posibleng proseso ng *depalatalization*, kung saan ang mga mas marked na *palatal consonants* ay unti-unting napapalitan ng mas payak na segment.

Sa pananaw ng *markedness theory*, ang pagkawala ng /ɲ/ at paghina ng /d͡ʒ/ ay nagpapakita ng tendensiya ng sistemang ponolohikal tungo sa mas simpleng organisasyon. Hindi pa sapat ang kasalukuyang datos upang ganap na maipalagay na nagkaroon ng posibleng indikasyon ng *phonemic merger*, subalit malinaw na ipinakikita ng distribusyon ng mga ponema ang pagbawas sa bilang ng mga palatal consonants. Ang ganitong pagbabago ay maaaring bunga ng internal na pag-unlad ng wika at ng patuloy na pakikipag-ugnayan sa iba pang mga wikang Bisaya sa Mindanao. Samantala, nananatiling produktibo ang *glottal stop* (/ʔ/) at lumilitaw sa iba't ibang posisyon ng salita. Ang regular na distribusyon nito ay nagpapahiwatig na patuloy itong gumaganap bilang mahalagang ponema sa pagbubukod ng kahulugan at sa organisasyon ng istrukturang ponolohikal ng barayting ito. Gayundin, ang mga *fricative* (/s/ at /h/) at *approximants* (/w/, /ɾ/, at /j/) ay nagpapakita ng matatag na distribusyon at walang makabuluhang baryasyong ponolohikal sa kasalukuyang korpus.

Samakatuwid, ang Agusan Surigaonon ay nagpapakita ng pinakamataas na antas ng ponolohikal na simplipikasyon sa tatlong barayting sinuri. Habang nananatiling matatag ang

CC BY

pangunahing imbentaryo ng mga katinig, ang mga pagbabagong nagaganap sa *palatal region* lalo na ang pagkawala ng /ɲ/ at paghina ng /dʒ/ ay nagpapakita ng malinaw na direksiyon ng pagbabago sa loob ng Surigaonon *dialect continuum*. Kung ihahambing sa Surigao del Norte at Surigao del Sur, ang Agusan Surigaonon ay kumakatawan sa barayting may pinakapayak na organisasyon ng mga *palatal consonants*, na maaaring sumasalamin sa pinagsamang epekto ng internal na pagbabago at pangmatagalang *language contact*.

**Pares Minimal**

Sa ponolohikal na pagsusuri, ang *minimal pairs* at *near-minimal pairs* ay mahalagang batayan sa pagtukoy ng ponemikong katayuan ng mga segment. Sa pamamagitan ng paghahambing ng dalawang salitang magkatulad ang istruktura ngunit nagkakaiba sa iisang tunog, natitiyak kung ang naturang segment ay may kakayahang magbago ng kahulugan at maituturing na hiwalay na ponema. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang mga pares minimal bilang karagdagang ebidensiya upang mapagtibay ang mga natuklasan mula sa distribusyonal at akustik na pagsusuri ng mga patinig at katinig sa tatlong barayti ng Surigaonon.

**Pares Minimal ng Surigaonon ng Surigao del Norte**

Mga halimbawa

*pait – hait*
*waya – wayaʔ*
*abo – aboʔ*

Batay sa mga pares na ito, kapansin-pansin na ang *glottal stop* (/ʔ/) ang isa sa pinakamahalagang ponemang nagsisilbing tagapagbukod ng kahulugan sa barayting Surigao del Norte. Ang malinaw na kontrast sa pagitan ng mga anyong mayroon at walang *glottal stop* ay nagpapakita ng mataas na *functional load* ng ponemang ito sa sistemang ponolohikal. Ang obserbasyong ito ay umaayon sa naunang resulta ng pagsusuri sa mga katinig, kung saan napatunayang produktibo ang /ʔ/ sa iba't ibang posisyon ng salita. Bukod dito, ipinakikita rin ng mga pares minimal na nananatiling matatag ang mga pangunahing *segmental contrast* ng barayting ito, na sumusuporta sa interpretasyong ang Surigao del Norte ang may pinakakonserbatibong ponolohikal na sistema sa tatlong barayting sinuri.

**Pares Minimal ng Surigaonon ng Agusan**

Mga halimbawa

*pait – hait*
*pana – bana*
*baga – bagaʔ*

Sa Agusan Surigaonon, nananatili ang mahahalagang ponemikong kontrast sa pamamagitan ng *glottal stop* at ilang pagbabago sa katinig. Ang mga pares na ito ay nagpapakita na bagama't mas payak ang sistemang konsonantal ng barayti, hindi nawawala ang kakayahan ng mga pangunahing ponema na magbukod ng kahulugan. Ang mataas na produktibidad ng /ʔ/ ay umaayon sa naunang obserbasyon na nananatili itong mahalagang bahagi ng ponolohikal na sistema. Gayunpaman, kapansin-pansing wala nang produktibong kontrast na kinasasangkutan ng mga *palatal consonants*, na sumusuporta sa naunang natuklasan hinggil sa pagkawala ng /ɲ/ at paghina ng /dʒ/. Ipinakikita nito na ang mga pagbabagong ponolohikal sa Agusan Surigaonon ay higit na nakasentro sa *palatal region* kaysa sa pangunahing imbentaryo ng mga katinig.

CC BY

**Pares Minimal ng Surigaonon ng Surigao del Sur**

Mga halimbawa

*piko – tiko*

*tanan – sanan*

*ʔipus – ʔipis*

Ang mga pares minimal ng Surigao del Sur ay nagpapakita ng mas malawak na uri ng ponemikong kontrast kumpara sa dalawang iba pang barayti. Bukod sa mga pagkakaiba sa katinig, lumilitaw din ang mga kontrast sa kalidad ng patinig na nagpapahiwatig ng mas aktibong baryasyon sa sistemang ponolohikal. Ang mga resultang ito ay umaayon sa naunang pagsusuri ng *vowel space*, kung saan naobserbahan ang mas *compressed* na distribusyon ng mga patinig at ang posibilidad ng mga pagbabago gaya ng /e/ → /i/. Gayundin, ang mga kontrast sa katinig ay nagpapakita na nananatili pa rin ang mga pangunahing ponema kahit nagsisimula nang humina ang ilang *palatal consonants*. Dahil dito, maituturing ang Surigao del Sur bilang isang transisyunal na barayti, kung saan sabay na umiiral ang mga konserbatibong katangian at ang mga ponolohikal na inobasyong humuhubog sa kasalukuyang anyo ng Surigaonon. Samakatuwid, pinatutunayan ng mga pares minimal na nananatiling matatag ang mga pangunahing ponemikong kontrast sa tatlong barayti ng Surigaonon, bagama't magkakaiba ang antas ng pagbabagong ponolohikal na kanilang ipinakikita. Ang Surigao del Norte ay higit na nagpapakita ng konserbatibong sistema na may matatag na *glottal contrasts*, ang Surigao del Sur ay nagpapakita ng transisyunal na kalagayan na may sabayang konserbasyon at inobasyon, samantalang ang Agusan Surigaonon ay nagpapakita ng higit na simplipikasyon, partikular sa *palatal region*. Ang ganitong padron ay sumusuporta sa pananaw na ang tatlong barayti ay bumubuo ng isang *dialect continuum*, kung saan ang mga pagbabago ay unti-unting lumilitaw sa iba't ibang antas ng sistemang ponolohikal.

## 4. Konklusyon

Ipinakita ng pag-aaral na ito ang paunang ponolohikal na deskripsyon ng tatlong barayti ng wikang Surigaonon: Surigao del Norte, Surigao del Sur, at Agusan Surigaonon sa pamamagitan ng distribusyonal at akustikong pagsusuri. Lumitaw na bagama’t magkakatulad ang tatlong barayti sa pagpapanatili ng pangunahing imbentaryo ng mga patinig at katinig, nagkakaiba ang mga ito sa antas ng ponolohikal na baryasyon. Ang Surigao del Norte ang nagpapakita ng pinakakonserbatibong sistema, na may pinakamalawak na *vowel space*, malinaw na limang-patinig na sistema, at produktibong paggamit ng mga *palatal consonants* tulad ng /ɲ/ at /d͡ʒ/. Ang Surigao del Sur naman ay kumakatawan sa isang transisyunal na barayti na nagpapakita ng mas compressed na *vowel space*, paghina ng /e/, at nagsisimulang simplipikasyon sa palatal region. Samantala, ang Agusan Surigaonon ang may pinakamalaking antas ng ponolohikal na inobasyon, na makikita sa pagkawala ng produktibong /ɲ/, paghina ng /d͡ʒ/ pabor sa /j/, at mas kompak na *vowel system.*

Sa tatlong barayti, nananatiling matatag ang pangunahing *plosive system* at ang *glottal stop* (/ʔ/) bilang mahalagang ponemang nagbubukod ng kahulugan. Ipinakikita ng mga natuklasang ito na ang Surigaonon ay bumubuo ng isang *dialect continuum*, kung saan unti-unting nagbabago ang ilang katangiang ponolohikal habang nananatiling matatag ang pangunahing istruktura ng wika. Gayunpaman, may ilang limitasyon ang pag-aaral. Nakatuon lamang ito sa tatlong barayti ng Surigaonon at nakabatay sa limitadong bilang ng mga impormante at *lexical corpus*, kaya hindi nito ganap na nasasaklaw ang lahat ng baryasyong ponolohikal ng wika. Nakatuon din ang pagsusuri sa mga segmental na ponema at hindi pa kabilang ang suprasegmental na katangian gaya ng diin, intonasyon, at haba ng tunog. Dahil dito, inirerekomenda ang mga susunod na pag-

CC BY

aaral na palawakin ang bilang ng mga barayting susuriin, dagdagan ang dami ng impormante at korpus, at isama ang mas malawak na akustik at komparatibong pagsusuri upang higit na maipaliwanag ang historikal na pag-unlad ng Surigaonon. Mahalaga ring magsagawa ng mga pananaliksik hinggil sa suprasegmental na katangian, ponolohikal na rekonstruksiyon, at ugnayan ng Surigaonon sa iba pang mga wikang Bisaya upang higit na mapalalim ang dokumentasyon at pag-unawa sa ponolohikal na sistema nito.

Inirerekomenda ang pagpapalawak ng korpus sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mas marami at mas magkakaibang tagapagsalita mula sa iba't ibang pangkat ng edad, komunidad, at antas ng edukasyon upang higit na maipakita ang lawak ng baryasyong ponolohikal sa bawat barayti ng Surigaonon. Kasabay nito, mahalaga ring magsagawa ng mas malalim na *acoustic analysis* na sumasaklaw sa pagsusuri ng *third formant* (F3) *values*, *vowel duration*, at *voice onset time* (VOT) ng mga konsonant upang makabuo ng higit na komprehensibo at empirikal na ponetikong paglalarawan ng tatlong barayti. Inirerekomenda rin ang pag-aaral ng mga suprasegmental na katangian, tulad ng diin, haba (length), at intonasyon, sapagkat maaari itong magbunyag ng mga karagdagang kontrast at aspektong ponolohikal na hindi natukoy sa kasalukuyang pananaliksik. Higit sa lahat, nararapat na ipagpatuloy ang sistematikong dokumentasyon ng mga nagaganap na pagbabagong ponolohikal, partikular ang *depalatalization*, *vowel compression*, at ang pagsasama ng /d͡ʒ/ tungong /j/ sa Agusan Surigaonon, upang masubaybayan ang dinamika ng pagbabago sa sistemang ponolohikal ng wika at maunawaan kung paano ito umuunlad sa paglipas ng panahon.

## 5. Reperensya

Blust, R. (1991). The greater central Philippines hypothesis. Oceanic Linguistics, 30(2), 73–129. https://doi.org/10.2307/3623084.

Endriga, D. A. P., & San Juan, M. P. (2018). Ang phonology ng Ayta Mag-Antsi. The Archive, 15, 8–38.

Endriga, E. D., & San Juan, R. C. (2020). Ponolohiya ng Wikang Mag-Antsi [Hindi nalathalang manuskrito]. University of the Philippines Diliman, Department of Linguistics, Quezon City.

Lobel, J. W. (2013). *Philippine and North Bornean languages: Issues in description, subgrouping, and reconstruction* (PhD dissertation). University of Hawaiʻi at Mānoa.

O'Grady, W. (2001). *Contemporary linguistics: An introduction* (4th ed.). Bedford/St. Martin's.

Zorc, R. D. (1977). *The Bisayan dialects of the Philippines: Subgrouping and reconstruction* (Pacific Linguistics, Series C, No. 44). Research School of Pacific Studies, Australian National University. https://doi.org/10.15144/PL-C44

University of the Philippines Diliman, Department of Linguistics. (n.d.). Wordlist for phonological elicitation. Quezon City, Philippines.

CC BY